Department of Education
Region IV-A CALABARZON
Schools Division of Rizal
Taytay Sub-Office

**SAN LORENZO RUIZ ELEMENTARY SCHOOL**

## ARALING PANLIPUNAN

**May mga pangyayaring sa bansa na naging dahilan ng pagtakda ng Batas Militar. Basahin ang pangungusap at tukuyin ang inilalarawan ng bawat pahayag. Piliin ang sagot sa kahon. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.**

A. Writ of habeas corpus

B. Liberal

C. Joma Maria Sison

D. Ferdinand Marcos

E. MNLF

F. Diosdado Macapagal

___1. Partido na nagpapahayag ng kandidatura sa Plaza Miranda ng maganap ang pagsabog na ikinamatay ng maraming tao.

___2. Karapatan ng mamamayan na sumasailalim sa tamang proseso ng paglilitis.

___3. Ito ay binubuo ng mga Muslim na nais magtatag ng hiwalay na pamahalaan na tatawaging Republika ng Bangsamoro.

___4. Nagtatag ng Communist Party of the Philippines (CCP)

___5. Pangulo na nagdeklara ng Batas Militar sa Pilipinas.

LIVEWORKSHEETS

**Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag na nagpapakita ng mga pangyayari sa pagwawakas ng Batas Militar. Lagyan ng PS kung ang pahayag ay pagsang-ayon at DS kung hindi sumasang-ayon.**

________6. Pagpapairal ng karapatan sa pamamahayag.

________7. Pinangasiwaan ng pamahalaan ang pagpapatakbo ng mga kakailanganin ng publiko tulad ng PLDT), Meralco at mga sasakyang panghimpapawid.

________8. Paggalang sa paniniwala ng mga pulitiko at komentarista.

________9. Pagkontrol sa media.

________10. Pagpapahuli sa mga taong inakalang nagkasala sa pamahalaan.

**Sagutin ang sumusunod na pahayag. Iguhit ang PUSO kung tama ang pahayag at TATSULOK kung mali ang pahayag.**

_____11. Ang mamamahayg na nagbibigay ng komento kay Marcos ay ipinakukulong bilang kaaway ng pamahalaan.

_____12. Marami ang hindi sumang-ayon kay Marcos nang gamitin niya ang kapangyarihan sa pagdedeklara ng Batas-Militar.

_____13. Winakasan ang Batas-Militar noong ika-17 ng Enero, 1981 sa bisa ng Proklamasyon Bilang 2045.

_____14. Hindi naging normal ang naging buhay ng mga Pilipino sapagkat ipinasara ni Marcos ang lahat ng pahayagan, radio at telebisyon noong panahon ng Batas Militar.

LIVEWORKSHEETS

_____15. Sa pagwawakas ng Batas Militar, nagkaroon ng kamalayan ang mamamayan na kailangan nilang makilahok at bantayan ang kanilang karapatang pantao upang hindi na muling abusuhin.

**Piliin ang tamang sagot sa kahon. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.**

| | | |
|---|---|---|
| EDSA | Juan Ponce Enrile | People Power I |
| Jaime Cardinal Sin | Snap Election | Corazon Aquino |

_______16. Siya ay alagad ng simbahan na may malaking bahagi sa matagumpay na People Power 1.

_______17. Ang patuloy na protesta at demonstrasyon ng iba't ibang sektor ng mamamayan sa maraming lugar ang nagdulot ng pagbagsak ng ekonomiya at krisis pampulitika sa bansa kaya nagdesisyon si Marcos na papiliin ang mga tao kung nais pa nilang ipagpatuloy ang kanyang panunungkulan.

_______18. Ang kaniyang pagtiwalag kay Pangulong Marcos ay malaking tulong sa tagumpay ng People Power 1

_______19. Ito ay isa sa pinakamapayapang rebolusyon sa kasaysayan ng mundo sa pagkamit ng pagbabago sa uri ng pamahalaan at sa mga namamahala.

_______20. Dito naganap ang makasaysayang People Power I.

**Isulat sa sagutang papel ang PK kung ang pangungusap ay tumutukoy sa pagtatanggol ng Kalayaan, KP kung pagpapahalaga sa karapatang pantao at DP kung demokratikong pamamahala.**

LIVEWORKSHEETS

21. Itinatag ang Kilusang HUKBALAHAP ng mga Pilipino.

22. Ang paglulunsad ng organisasyon tulad ng United Nations at Human Rights Commission.

23. Ang pagpapatupad ng mga batas, tulad ng Bill of Rights o Katipunan ng mga Karapatan.

24. Ang ating pamahalaan ay mayroong tatlong sangay na naninindigan sa demokrationg pamamahala at paglilingkod.

25. Ang pagbuwis ng buhay ng mga bayani tulad ni Heneral Gregorio del Pilar, Andres Bonifacio, Jose Rizal at marami pang iba.

**Iguhit ang MASAYANG mukha kung ang pangungusap ay tumutukoy sa pagpapahalaga sa pagtatanggol at pagpapanatili sa karapatang pantao at demokratikong pamamahala, at MALUNGKOT na mukha naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.**

26. Naranasan ng mga Pilipino ang diktatoryang pamamahala sa bansa sa ilalim ng Batas Militar.

27. Nag-alsa ang mga Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop sa bansa.

28. Pinaparusahan ang sinomang lalabag sa karapatang pantao.

29. Ang ating mga pinuno ay direktang inihalal ng mamamayan.

30. Ipinagbawal sa mga tao na magsalita at magpahayag ng kanilang saloobin.

LIVEWORKSHEETS

**Basahin at unawain ang mga pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.**

31. Ang ating mga bayani ay nagbuwis ng buhay para sa kalayaan ng bansa.

A. Pagtatanggol sa kalayaan B. Pagpapanatili ng karapatang pantao

C. Demokratikong pamamahala

32. Maraming mamamayan ang pumunta sa EDSA, mayaman at mahirap ay nagkaisa para sa isang layunin.

A. Pagpapanatili ng karapatang pantao B. Pagtatanggol sa kalayaan

C. Demokratikong pamamahala

33. Ang mga krimen tulad ng pagpatay, pang-aabuso sa kapwa ay binibigyang katarungan ng pamahalaan

A. Pagpapanatili ng karapatang pantao B. Pagtatanggol sa kalayaan

C. Demokratikong pamamahala

34. Ang pagtatag ng mga samahang rebolusyunaryo tulad ng HUKBALAHAP ay nagpapakita pagmamahal sa bansa.

A. Pagtatanggol sa kalayaan B. Pagpapanatili ng karapatang pantao

C. Demokratikong pamamahala

35. Ang mga Pilipino ay binigyan ng pagkakataong makaboto ng hindi pinipilit at ayon sa kanilang sariling pasya.

A. Demokratikong pamamahala B. Pagpapanatili ng karapatang pantao

C. Pagtatanggol sa kalayaan

LIVEWORKSHEETS